



PLANO SA AKSES SA WIKA

Talaan ng Nilalaman

Mga Daglat	2
Bakgrawnd	2
Legal na Awtoridad	3
Pagtatasa ng Programang IEPA	4
Pagpapatupad ng LAP	6
Mga Serbisyo sa Tulong sa Wika at mga Protokol	10
Mga Dokumentong Pederal na Patnubay ng LEP	16

Mga Daglat

- ASL – Wikang Pasenyas ng mga Amerikano
- GIS – Sistema ng Heograpikong Impormasyon
- IEPA o ang Ahensiya – Ahensiya ng Pangangalaga ng Kapaligiran ng Illinois
- LEP – Limitadong Kasanayan sa Ingles
- OCR – Tanggapan ng Ugnayang Pangkomunidad
- OEJ – Tanggapan ng Katarungang Pangkapaligiran
- TIS – Mga Serbisyo sa Interpretasyon sa Telepono
- Titulo VI – Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964 42 USC § 2000D
- TTY – Teletype na Aparato
- TDD – Aparato sa Telekomunikasyon para sa mga Bingi
- US DOJ – Departamento ng Katarungan ng US
- US EPA – Ahensiya ng Pangangalaga ng Kapaligiran
- VIM – Inspeksiyon at Pagmantena ng Sasakyan

Bakgrawnd

Alinsunod sa Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964, at Environmental Justice Policy ng Ahensiya, ang Ahensiya ng Pangangalaga ng Kapaligiran ng Illinois (IEPA o Ahensiya) ay nakatuon sa pagtiyak ng makabuluhang akses sa mga programa at aktibidad nito para sa lahat ng tao, kabilang ang Limitadong Kasanayan sa Ingles (LEP) na mga indibidwal. Tinukoy ng Ahensiya ng Pangangalaga ng Kapaligiran (US EPA) ang mga indibidwal na may LEP bilang "Mga indibidwal na hindi nagsasalita ng Ingles bilang kanilang pangunahing wika at may limitadong kakayahang magbasa, magsulat, magsalita, o umunawa ng Ingles. Ang mga indibidwal na may LEP ay maaaring may kakayahan sa Ingles para sa ilang uri ng komunikasyon (hal., pagsasalita o pag-

unawa), ngunit limitado sa kanilang kasanayan sa Ingles para sa iba pang mga uri ng komunikasyon (hal., pagbabasa o pagsusulat).”¹

Ang dokumentong ito ay nagbibigay sa mga empleyado ng IEPA ng mga mapagkukunan at isang protokol para sa pakikipag-ugnayan sa mga natukoy na LEP n amga indibidwal, kabilang ang pagkakaroon ng mga serbisyo ng libreng interpretasyon at pagsasalin para sa humihiling. Sinasalamain din ng dokumentong ito ang patakaran ng Ahensiya na kapag ang mga indibidwal ay nangangailangan ng tulong sa wika oara makalahok sa mga programa o kaganapan ng IEPA, matutukoy at masasamantala ang mga oportunidad para sa naturang tulong kapag nakatutugon ang mga sitwasyon sa mga alituntunin ng Planong ito.

Legal na Awtoridad

Ang Ahensiya ay tumatanggap ng pederal na tulong pinansiyal at, bilang isang kontraktuwal na tatanggap ng pederal na pagpopondo, ang IEPA ay obligadong sumunod sa mga naaangkop na probisyon ng mga pederal na batas sa karapatang sibil at mga patakaran na nagbabawal sa diskriminasyon, kabilang ang Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964 (Titulo VI) 42 USC § 2000d. Ang Titulo VI ay partikular na nagbabawal sa mga tatanggap na magdiskrimina batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Ipinagpasiya ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa *Lau v. Nichols*, 414 U.S. 563 (1974), na ang mga pagkilos ng isang programang pinondohan ng pederal na may negatibong epekto sa mga taong LEP, kabilang ang pagkakait sa LEP na mga indibidwal ng pagkakataong lumahok sa nauugnay na programa, ay ipinagbabawal ng prohibisyon ng Titulo VI sa diskriminasyon sa bansang pinagmulan. Samakatuwid, ang mga tumatanggap ng pederal na tulong pinansiyal ay may obligasyon na bawasan ang mga hadlang sa wika na maaaring makahadlang sa makabuluhang akses ng mga taong LEP sa mga serbisyo ng pamahalaan.

Bukod pa rito, ang Kautusang Tagapagpaganap 13166 (Agosto 11, 2000), *Improving Access to Services for Persons with Limitadong Kasanayan sa Ingles*, ay humihiling sa bawat pederal na ahensiya na nagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga recipient na bumuo ng patnubay tungkol sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng Titulo VI para magbigay ng makabuluhang akses sa mga taong LEP. Kasabay nito, ang Departamento ng Katarungan ng US (US DOJ) ay naglabas ng pangkalahatang patnubay (Patnubay ng DOJ ng US) sa mga pederal na ahensiya sa pagpapatupad ng Kautusang Tagapagpaganap (65 FR 50123, Agosto 16, 2000). Kasunod nito, ang US EPA ay naglabas ng sarili nitong patnubay (Patnubay ng EPA ng USA) sa mga tatanggap ng pederal na pagpopondo sa prohibisyon ng Titulo VI laban sa diskriminasyon sa bansang pinagmulan na nakakaapekto sa mga taong LEP (69 FR 35602, Hunyo 25, 2004).

Gayundin, ang Batas sa Karapatang Sibil ng Illinois ng 2003, na iminodelo sa Titulo VI, ay nagbabawal sa mga yunit ng Estado, county, at lokal na pamahalaan sa paggamit ng pamantayan

¹ [Kautusang 1000.32 ng US EPA](#) Pagsunod sa Kautusang Tagapagpaganap 13166: Pagpapabuti ng Akses sa mga Serbisyo para sa mga Taong may Limitadong Kasanayan sa Ingles

o pamamaraan ng pangangasiwa na may magkakaibang epekto batay sa lahi o bansang pinagmulan, anuman ang layunin. *Tingnan ang 740 ILCS 23/5.*

Pagtatasa ng Programang IEPA

Sa pagbuo nitong Plano sa Akses sa Wika (LAP), karaniwang sinusunod ng IEPA ang mga rekomendasyong nakasaad sa [Patnubay ng EPA ng USA](#). Tinutugunan at isinasama ng Patnubay ng EPA ng USA ang mga pangunahing elemento sa Patnubay ng DOJ ng US. Nakatuon ang LAP sa mga aktibidad na naka-target sa pangkalahatang populasyon o sa mga partikular na indibidwal, sa halip na mga komunikasyon sa regulasyon na nakadirekta sa mga reguladong entidad o munisipalidad. Kabilang sa mga apektadong aktibidad ang pagpapahintulot sa mga aktibidad, mga aktibidad sa remedial/paglilinis, mga abiso sa kalusugan, mga aktibidad na pang-edukasyon, paggawa ng panuntunan, paggawa ng grant, at pagtugon sa mga tanong ng mga residente ng Illinois. Isinasaad sa Patnubay ng EPA ng USA na ang mga recipient tulad ng IEPA ay "may malaking flexibility sa pagtukoy kung paano susunod sa kanilang legal na obligasyon Titulo VI sa LEP setting." (69 FR 35613). Ang mga ahensiya ay hinihikayat na tukuyin ang lawak ng kanilang mga obligasyon sa LEP sa pamamagitan ng pagsasagawa ng indibidwal na pagtatasa alinsunod sa pagsusuri ng apat na salik na inilarawan sa Patnubay ng EPA ng USA. Ang apat na salik ay (1) ang bilang o proporsiyon ng mga taong LEP na karapat-dapat na pagsilbihan o posibleng makaharap; (2) ang dalas ng pakikipag-ugnayan sa LEP na mga indibidwal; (3) ang kalikasan at kahalagahan ng programa; at (4) ang mga mapagkukunan. Pinakalayunin ng pagsusuri na makamit ang naaangkop na balanse ng apat na salik. Gaya ng nakasaad sa ibaba, ang IEPA ay nagsagawa ng pagtatasa ng apat na salik na ipinakita sa Patnubay ng EPA ng USA.

Salik 1: Ang bilang o proporsiyon ng mga taong LEP na karapat-dapat na pagsilbihan o posibleng makaharap

Ang pagtukoy ng mga makatwirang hakbang para sa pagbibigay ng makabuluhang akses ay depende sa bilang o proporsiyon ng mga taong maaapektuhan ng mga hadlang sa wika. Kung mas malaki ang bilang o proporsiyon ng mga taong LEP sa isang lugar, mas posibleng kailangan ang mga serbisyo sa wika. Ang lugar ng serbisyo ng IEPA ay nasa buong estado. Ang Illinois ay may malaking populasyon ng LEP kung saan ang Espanyol, Ruso, Polish, Tagalog, Tsino at Arabe ang pinakakaraniwang wikang sinasalita. Asahan ng IEPA na ang ilang bahagi ng populasyon o kabahayan ng mga taong LEP ay maaaring makatagpo ng mga programa ng IEPA.

Ang impormasyong nauugnay sa mga pangangailangan sa LEP na espesipiko sa lugar ay maaaring makuha mula sa mga sumusunod na sanggunian: Mga empleyado ng IEPA na may karanasan sa komunidad, mga lokal na pamahalaan, mga pampublikong aklatan, mga paaralan, mga organisasyong panrelihiyon at pangkomunidad, mga entidad ng legal na tulong, data ng census, at mga tool sa pagmamapa ng US EPA at IEPA. Ang mga mapagkukunang ito ay maaaring tumulong sa pagtukoy ng mga populasyon na nangangailangan ng mga karagdagang serbisyo sa wika at kung aling mga serbisyo sa pagsasalin ang pinakakapaki-pakinabang.

Salik 2: Ang dalas ng pakikipag-ugnayan sa LEP na mga indibidwal

Ang mga obligasyon ng LEP ng isang tatanggap ng pederal na pagpopondo gaya ng IEPA ay mas malaki kung mas madalas ang pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na LEP kung ihahambing sa di-regular o madalang na pakikipag-ugnayan. Ang dalas ng pakikipag-ugnayan sa LEP at ang nagresultang pangangailangan para sa tulong ng Ahensiya ay maaaring masuri sa isang batayan na partikular sa wika. Sa madaling salita, mas madalas na makipag-ugnayan ang Ahensiya sa isang partikular na pangkat ng wika, mas malamang na kailangan ng mga pinahusay na serbisyo ng wika sa wikang iyon.

Ang dalas ng pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na LEP ay lubhang nag-iiba-iba sa mga programa ng IEPA at sa mga partikular na lokasyong naapektuhan ng mga aktibidad ng Ahensiya. Para sa karamihan ng mga programa ng Ahensiya at mga kinakailangan sa regulasyon, ang pakikipag-ugnayan sa anumang partikular na komunidad ng LEP ay partikular sa mga indibidwal na site at mga konteksto ng programa na, halimbawa, nauugnay sa isang pinahihintulutang transaksyon para sa isang partikular na pasilidad. Ang pangunahing exception dito ay ang Inspeksiyon at Pagmantena ng Sasakyan program, na nagpapatakbo sa Chicago at Metro East St. Louis at direktang nakikipag-ugnayan sa publiko.

Salik 3: Ang likas na katangian at kahalagahan ng programa

Mas mahalaga ang aktibidad, impormasyon, serbisyo, o programa, o mas malaki ang posibleng kahihinatnan ng pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na LEP, mas malamang na kailangan ang mga serbisyo sa wika. Halimbawa, ang US EPA ay nagsasaad na ang obligasyon na ipaalam ang impormasyon sa isang tao na maaaring maapektuhan ng agarang kontaminasyon ng pinagmumulan ng tubig o ng biglaang pagpapakawala ng mga nakalalasang kemikal sa hangin ay iba sa obligasyon na magbigay ng impormasyon sa pagresiklo. Sa pagsasaalang-alang sa patnubay na ito, maaaring lubhang magkaiba ang pangangailangan para sa mga serbisyo ng LEP, dahil ang mga aksiyon ng mga programa ng IEPA ay sumasaklaw sa malawak na ispektrum ayon sa pangangailangan sa madaliang aksiyon at mga potensiyal na kahihinatnan. Priyoridad ng Ahensiya ang tulong nito sa LEP para sa 1) mga kritikal at proteksiyon sa kalusugan na mga serbisyo, hal. pagsasalin ng mga press release o payo sa mga sitwasyong may malaking banta ng pagkakalantad sa kontaminant, 2) impormasyong ginawa at nakatarget sa pangkalahatang populasyon, tulad ng mga factsheet, pampublikong abiso, at nilalaman ng webpage, at 3) mga programang kinakailangan ng pangkalahatang publiko para makakuha ng lisensiya, tulad ng programa sa Inspeksiyon at Pagmantena ng Sasakyan.

Salik 4: Mga available na rekurso

Tinatalakay ng Patnubay ng EPA ng USA kung paano tinutukoy ng mga mapagkukunan ng ahensiya kung ano ang bubuo ng mga makatwirang hakbang upang matugunan ang mga pangangailangan ng LEP. Ang patnubay ay nagsasaad na ang mga ahensiyang may mas malaking badyet ay inaasahang magbibigay ng mas maraming serbisyo sa wika kaysa sa mga may mas maliit na badyet. Bilang karagdagan, ang Patnubay ng EPA ng USA ay nagsasaad na ang

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

"makatwirang hakbang" ay maaaring tumigil sa pagiging makatwiran kapag ang mga gastos ay higit na lumampas sa mga benepisyo. Ang IEPA ay nagbibigay ng impormasyon sa mga taong LEP sa dalawang pangunahing paraan: 1) pagsasalin ng mahahalagang dokumento at 2) oral na interpretasyon. Gumagamit ang IEPA ng halo-halong mga diskarte, kabilang ang in-house na kawani, teknolohiya (hal., software ng pagsasalin), at mga kontratista sa labas upang mahusay na makapagbigay ng mga serbisyo ng LEP na naaayon sa mga alituntunin ng planong ito.

Pagpapatupad ng LAP

Batay sa apat na salik na pagtatasa sa itaas, ang IEPA ay bumuo ng isang plano upang magbigay ng makabuluhang akses sa LEP na mga indibidwal. Ang planong ito ay umaayon sa Patakaran ng Katarungang Pangkapaligiran (EJ) at Plano sa Pinabuting Pakikilahok ng Publiko ng IEPA upang matiyak na ang paggawa ng desisyon ng Ahensiya ay isinasaalang-alang ang equity at aksesibilidad sa pangangasiwa ng mga programa at aktibidad nito.

Ang LAP ay patuloy na uunlad sa pamamagitan ng normal na kurso ng mga tungkulin sa regulasyon at programa ng IEPA. Ang diskarte na ito ay naaayon sa mga kinakailangan ng Titulo VI at Patnubay ng EPA ng USA, na nagsasaad na: "Bagama't ang lahat ng mga tatanggap ay dapat magtrabaho patungo sa pagbuo ng mga sistema na magtitiyak ng akses para sa mga indibidwal na LEP, kinikilala ng US EPA na ang pagpapatupad ng isang komprehensibong sistema upang pagsilbihan ang mga indibidwal na LEP ay isang proseso at ang isang sistema ay magbabago sa paglipas ng panahon habang ito ay ipinatupad at pana-panahong muling sinusuri." 69 FR 35612.

Pagtukoy sa LEP na mga Indibidwal na Nangangailangan ng Tulong sa Wika

Ang pagsusuri sa ilalim ng una at ikalawang salik sa itaas ay nagbibigay ng panimulang punto para sa pagtukoy sa mga indibidwal na LEP na maaaring karapat-dapat sa tulong sa wika na may kinalaman sa mga programa ng Ahensiya. Dahil ang mga aksiyon at pampublikong outreach ng IEPA ay kadalasang nakabatay sa komunidad, ang pagkakakilanlan ng mga indibidwal na LEP ay depende sa populasyon sa partikular na komunidad. Nakikipagtulungan ang IEPA sa mga pinuno at miyembro ng komunidad upang pahusayin ang kamalayan nito sa mga indibidwal na LEP sa loob ng mga komunidad na maaaring maapektuhan. Kabilang sa mga karagdagang mapagkukunang ginagamit ng mga kawani ng IEPA sa pagtukoy kung ang isang komunidad ay may potensiyal na populasyon ng LEP o mga indibidwal na nangangailangan ng tulong sa wika: EJ Start na mapping tool ng IEPA, datos ng Census, EJScreen na mapping tool ng US EPA, at historiko at kasalukuyang pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad at mga organisasyon ng komunidad.

Mahahalagang Dokumento

Isinasalin ng IEPA ang mahahalagang dokumento sa mga wikang sinasalita ng mga komunidad na maaaring maapektuhan upang matiyak na ang mga indibidwal na LEP ay may akses sa impormasyon na maaaring direktang makaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

pag-uuri ng isang dokumento bilang "mahalaga" ay nakasalalay sa kahalagahan ng programa, impormasyon, engkuwentro, o serbisyong kasangkot, at ang kahihinatnan sa indibidwal na may LEP kung ang impormasyong pinag-uusapan ay hindi ibinigay nang tumpak o sa isang napapanahong paraan. Ang pagpapasiya kung anong mga dokumento ang itinuturing na "mahalaga" ay nakasalalay sa mga natatanging kalagayan at serbisyo ng mga indibidwal na programa ng IEPA. Ang mga dokumentong maaaring mauri bilang "mahalaga" ay karaniwang nahahati sa dalawang malawak na kategorya: (1) tiyak na nakasulat na komunikasyon tungkol sa isang bagay sa pagitan ng isang indibidwal at isang programa o aktibidad at (2) mga dokumento na pangunahing nakatuon sa pangkalahatang publiko o isang malawak na madla.

Mas mahalaga ang aktibidad, impormasyon, serbisyo, o programa, o mas malaki ang posibleng kahihinatnan ng pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LEP, mas malamang na kailangan ang mga serbisyo sa wika. Kung ang pagtanggì o pagkaantala ng akses sa mga serbisyo o impormasyon ay maaaring magkaroon ng seryoso o kahit na mga implikasyon na banta sa buhay ng indibidwal na may LEP, mas malamang na ituring na mahalaga ang dokumento.

Ang mga pangunahing salik na isinasaalang-alang kapag nagpapasiya kung ang impormasyon ay mahalaga upang magbigay ng akses sa wika ay:

- Epekto sa pakses - Direktang nakakaapekto ba ang impormasyon sa kakayahan ng isang tao na lumahok sa isang programa, makatanggap ng mga serbisyo, o maunawaan ang kanilang mga karapatan at obligasyon?
- Sensitibidad sa panahon - Ang impormasyon ba ay sensitibo sa oras, na nangangailangan ng agarang aksiyon o tugon mula sa tatanggap?
- Mga potensiyal na kahihinatnan ng hindi pag-unawa - Maaari bang humantong sa mga negatibong resulta ang kawalan ng pag-unawa, tulad ng mga nawalang benepisyo, hindi napuntahang appointment, o mga legal na isyu?

Maaaring mahirap minsan na tukuyin kung ano ang mahalaga at hindi mahahalagang dokumento, lalo na kapag isinasaalang-alang ang outreach o iba pang mga dokumento na idinisenyo upang itaas ang kamalayan ng mga karapatan o serbisyo. Bagaman ang makabuluhang akses sa isang programa ay nangangailangan ng kamalayan sa pag-iral ng programa, halos imposible, mula sa praktikal at cost-based na pananaw, na isalin ang bawat outreach na materyal sa bawat wika. Regular na tinatasa ng IEPA ang mga pangangailangan ng mga karapat-dapat na populasyon ng serbisyo upang matukoy kung ang ilang partikular na kritikal na materyales sa pag-abot ay dapat isalin sa ibang mga wika dahil sa ilang mga pagkakataon, ang kawalan ng kamalayan sa pagkakaroon ng isang partikular na programa ay maaaring epektibong tanggihan ang mga indibidwal na LEP ng makabuluhang akses sa mga programang iyon.

Kabilang, ngunit hindi limitado, sa mga nakasulat na komunikasyon sa indibidwal na itinuturing na "mahalagang"dokumentong ang sumusunod:

- Right-to-Know na mga Abiso
- Mga abiso, liham, o mga form na kinakailangan upang bumalik sa pagsunod sa mga batas at regulasyon sa kapaligiran

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

- Mga abiso na nagpapayo sa mga indibidwal na may LEP ng libreng tulong sa wika
- Impormasyon sa Programa sa Pagsusuri ng Emisyon ng mga Sasakyan

Kaugnay ng mga dokumentong inilaan para sa pampublikong outreach o malawak na madla, titiyakin ng bawat programa na ang mga dokumentong itinuturing nitong “mahalaga” ay isinasalin kung saan ang malaking porsyento ng populasyon na karapat-dapat na ihatid, o malamang na direktang maapektuhan, ng may LEP ang mga serbisyo, programa, o aktibidad ng opisina. Isasaalang-alang ng programa ang mga pinakakaraniwang wikang sinasalita ng mga indibidwal na may LEP sa Illinois bilang isang gabay para sa pagbibigay ng priyoridad sa mga wika para sa pagsasalin ng mahahalagang dokumento. Maaaring naisin ng bawat programa na isaalang-alang ang pagsasalin sa ibang mga wika, kung kinakailangan, batay sa mga rehiyonal na demograpiko o paksang nakatarget sa mga partikular na komunidad at madla.

Ang ilang mga halimbawa ng mga dokumento na nilayon para sa pampublikong outreach, o isang malawak na madla ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, ng sumusunod:

- Mga Pag-iingat sa Pamamaraan (Abiso sa Nondiscrimination, Pamamaraan sa Karaingan, Plano ng Pampublikong Paglahok, Liham ng Abiso ng EJ, Plano sa Akses sa Wika, Plano sa Akses ng may Kapansanan)
- Mga Pampublikong Abiso tungkol sa iminungkahing pagpapahintulot o aksiyong pangregulasyon
- Mga Polyeto
- Mga Factsheet
- Mga Press Release
- Mga Advisory sa Kapaligiran
- Mga Kasunduan sa Settlement (sa mga partikular na pagkakataon kung saan ang isang komunidad na may LEP ay kasangkot o maaaring maapektuhan)
- Mga Form ng Hinaing at Akses sa mga Rekord

Pagsusuri ng LEP

Para sa mga aksiyong partikular sa site tulad ng mga pampublikong abiso at iba pang mga abiso na nauugnay sa pagpapahintulot at mga programa sa paglilinis, ang IEPA ay:

1. Gagamit ng mga tool sa screening upang masuri ang populasyon ng LEP sa loob ng 1-milya na radius ng pinag-uusapang site, maliban kung ang Ahensya ay may dahilan upang maniwala batay sa mabibilang na ebidensya na ang tinasang lugar ay dapat na mas malaki o mas maliit.
2. Susuriin ang mga kahilingan sa tulong sa wika at isaalang-alang ang mga nakaraang pakikipag-ugnayan sa komunidad para sa site o iba pang kalapit na site.
3. Pagkatapos ng screening at pagtatasa ng mga nakaraang kahilingan, kung malaki ang kabuuang populasyon ng LEP, gagamit ang IEPA ng data ng American Community Survey at iba pang magagamit na mga tool upang matukoy ang (mga) malamang na wikang

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

sinasalita ng komunidad sa lugar ng pagtatasa. Ang populasyon ng LEP ay itinuturing na malaki kung katumbas o higit sa 15% ng buong populasyon sa loob ng 1 milyang radius ng site.

Mga Hakbang sa Tulong sa Wika

Ang Patnubay ng EPA ng USA ay nagsasaad na ang dalawang pangunahing paraan ng paglilingkod sa mga indibidwal na LEP ay ang pagbibigay ng mga serbisyo sa sinasalita at nakasulat na wika. Ang mga serbisyo sa pasalitang wika ay binubuo ng interpretasyon sa pamamagitan ng pakikinig sa isang bagay sa isang wika at pasalitang pagsasalin nito sa ibang wika. Maaaring kabilang dito ang pagbibigay ng mga on-site na interpreter kapag ang malaking volume ng mga indibidwal na LEP ay inaasahang dadalo sa isang public availability session, pulong, o pagdinig. Ang mga serbisyo sa nakasulat na wika ay binubuo ng pagsasalang-wika sa pamamagitan ng pagpapalit ng nakasulat na teksto mula sa isang wika sa katumbas na nakasulat na teksto sa ibang wika. Ito ay maaaring mula sa pagsasalin ng isang buong dokumento hanggang sa pagsasalin ng isang maikli o deskriptibong buod ng dokumento.

Dapat pansinin na, para sa parehong pasalita at nakasulat, ngunit partikular para sa mga nakasulat na pagsasalin, hindi lahat ng idyoma, metapora, teknikal na jargon, o iba pang mga kagamitang pangwika na likas sa isang wika ay direktang maisasalin at sa gayon, ang isang pagsasalin ay hindi kailanman magiging perpekto o direktang representasyon at dapat isaalang-alang ang nuance upang bigyang-kahulugan ang mga ideya na ipinapahayag.

Pagsasanay ng mga Kawani ng IEPA

Sasanayin ng Tanggapan ng Katarungang Pangkapaligiran(OEJ) ang mga kawani ng IEPA, na may partikular na pagtutok sa mga empleyadong malamang na makatagpo ng mga indibidwal na LEP. Kasama sa pagsasanay ang impormasyon tungkol sa LAP at ang mga kaugnay na mapagkukunan, patakaran, at pamamaraan. Ang mga kawani na regular na nakakaharap ng mga taong LEP ay aalok ng refresher training at ng pagkakataong magbigay ng regular na feedback sa pagpapatupad ng LAP ng Ahensiya.

Ang kamalayan at pag-unawa sa kung paano tutulungan ang mga indibidwal na LEP na humihiling ng mga serbisyo sa wika ay mahalaga sa lahat ng programa, serbisyo, at aktibidad ng Ahensiya. Gaya ng nakasaad sa ibaba, ang mga sangkot na kawani ay makakatanggap ng taunang pagsasanay sa mga patakaran, proseso, at mga mapagkukunang magagamit para sa mga serbisyo ng wika, partikular na habang nagbabago ang mga paraan ng pag-akses sa wika. Isasama ng IEPA ang pagsasanay sa pag-akses sa wika sa OneNet suite ng mga module ng pagsasanay ng empleyado ng estado upang madaling maakses ng mga kawani ang pagsasanay online.

Ang pagsasanay ay tututuon sa:

- Ang kahalagahan ng pag-aalok ng mga serbisyo ng tulong sa wika
- Paano epektibo at magalang na makipag-usap at makipag-ugnayan sa mga indibidwal na LEP

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

- Mga patakarán, pamamaraan, at protokol ng IEPA na may kaugnayan sa pagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika, kabilang ang pagkakaroon ng mga serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin nang walang bayad sa humihiling;
- Anong uri ng isinaling impormasyon ang magagamit sa mga indibidwal ng LEP at kung saan ito matatagpuan; at
- Pag-uulat ng paggamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika para sa pagpapabuti ng hinaharap na mga serbisyo ng LEP.

Upang matiyak ang patuloy na pagsunod sa LAP, lahat ng mga tagapamahala ng Ahensiya ay makakatanggap ng pagsasanay sa nilalaman ng LAP at sa proseso ng paggawa ng desisyon para sa pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na LEP. Ang mga kawani na may mas direktang pakikipag-ugnayan sa komunidad na nakatuon sa kanilang mga programa at aktibidad ay makakatanggap ng pagsasanay kung paano matukoy ang mga potensiyal na populasyon ng LEP at ipatupad ang mga serbisyo ng LEP.

Pagbibigay ng Abiso sa mga Taong LEP

Nilalayon ng IEPA na maging maagap at ipaalam sa mga indibidwal sa LEP na may magagamit silang mga serbisyo sa wika. Gagamitin ng IEPA ang mga sumusunod na pamamaraan kung naaangkop:

- Mga isinalin na dokumento
- Pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad at iba pang mga stakeholder upang ipaalam sa mga indibidwal na LEP ang mga serbisyong maaaring ibigay ng IEPA, kabilang ang pagkakaroon ng mga serbisyo ng tulong sa wika
- Isinalin na pampublikong pagdinig at mga abiso sa pagpupulong
- Mga senyas sa maraming wika, gaya ng mga direksiyon patungo sa isang lokasyon ng pagpupulong sa loob ng isang gusali

Pagsubaybay at Pag-update ng LAP

Susuriin ng IEPA ang LAP na ito upang matukoy kung ang mga hakbang sa tulong sa wika at pagsasanay ng mga kawani ay epektibo. Sa pagsusuri sa pagiging epektibo ng Plano at ang pangangailangan para sa mga karagdagang hakbang, tatasahin ng IEPA ang feedback mula sa kawani ng Ahensiya at publiko, kabilang ang mga indibidwal na LEP. Isasaalang-alang ng IEPA ang mga paraan para humingi ng input mula sa mga miyembro ng komunidad sa tagumpay ng pagpapatupad ng LAP na ito tulad ng sa pamamagitan ng survey at/o sa pamamagitan ng pampublikong abiso at panahon ng komento.

Mga Serbisyo sa Tulong sa Wika at mga Protokol

1. Mga Kakayahan sa Wika ng Kawani ng IEPA

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

Ang Ahensiya ay may mga kawani na bilingguwal (mahusay sa Espanyol) at gumaganap ng mga gawain sa pagsasalin at nagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika sa mga indibidwal na LEP. Tinitiyak ng IEPA ang kakayahang ng mga kawani na nagsasagawa ng interpretasyon at pagsasalin ng mga dokumento. Kapag kumukuha at nagsasanay ng mga interpreter na kawani ng Ahensiya, tinitiyak ng Ahensiya na sila ay:

- Nagpapakita ng kasanayan at kakayahang makapagbigay ng impormasyon nang tumpak sa parehong Ingles at sa ibang tinukoy na wika at tukuyin at gamitin ang naaangkop na paraan ng interpretasyon (hal., magkasunod, sabay-sabay, pagbubuod, o sight translation);
- May kaalaman sa parehong mga wika tungkol sa anumang espesyalisadong termino o konsepto na natatangi sa programa o aktibidad ng entidad at sa anumang partikular na bokabularyo at parirala na ginagamit ng taong LEP;
- Unawain at sundin ang mga alituntunin sa pagiging kumpidensiyal at imparsiyal sa parehong lawak ng empleyado ng tatanggap na kanilang binibigyang kahulugan at/o sa lawak na kinakailangan ng kanilang posisyon;
- Unawain at sundin ang kanilang tungkulin bilang mga interpreter nang hindi lumilihis sa tungkulin bilang inhinyero, legal na tagapayo, o iba pang mga tungkulin (lalo na sa mga administratibo o pampublikong pagdinig)

2. Listahan ng Contact sa Multilingguwal na Media

Ang Estado ng Illinois ay kasalukuyang nagpapanatili ng isang statewide media contact database. Ang listahang ito ay binubuo ng higit sa 400 outlet ng media na nagbibigay ng coverage ng mga kaganapan sa Illinois, na kinabibilangan ng 161 outlet ng media na nakabase sa Illinois. Ang database na ito ay maaaring pagbukod-bukurin ayon sa print at electronic media. Ang Estado ng Illinois ay nagpapanatili rin ng isang multilingguwal na listahan ng contact sa media na nagtatampok ng higit sa 50 estasyon sa Illinois. Ang lahat ng media outlet ay may kakayahang tumulong sa pagpapalaganap ng mga balita, mga media advisory, o mga bulletin sa emerhensiya sa lugar ng panonood/pakikinig nito.

3. Mga Advisory

Nakapaskil ang paunawa sa nondiscrimination sa iba't ibang wika sa website ng Illinois EPA. Binabalangkas ng abisong ito ang impormasyon sa interpretasyon at mga serbisyonang magagamit ng mga indibidwal na LEP.

Ang mga numero ng telepono na tatawagan para maghain ng reklamo kung naniniwala ang isang indibidwal na biktima siya ng diskriminasyon ay nakapaskil din. Ang numerong tatawagan para makontak ang Tagapag-ugnay ng Titulo VI ng IEPA na si Chris Pressnall ay 217-524-1284.

4. Mga Serbisyo at Protokol ng Tulong sa Wika

Kasama sa mga serbisyo at protokol ng tulong sa wika ng IEPA ang:

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

- Bilingguwal na kawani
- Mga serbisyo sa oral na interpretasyon
 - Mga Interpreter/Bilingguwal na Kawani
 - Interpretasyon ng Wikang Pasenyas ng mga Amerikano
 - Teletype Device (TTY)/Aparato sa Telekomunikasyon para sa mga Bingi (TDD)
- Nakasulat na pagsasalin ng wika ng mahahalagang dokumento

Bilingguwal na Kawani at Pagsasanay

Ang mga bilingguwal na kawani ng IEPA ay may akses sa isang rekursong dokumento na kinabibilangan ng mga halimbawa ng mga karaniwang parirala ng Ahensiya na makatutulong kapag nakaharap ang mga indibidwal na LEP na nagsasalita ng Espanyol. Sumasangguni ang mga bilingguwal na kawani sa rekursong ito para makatulong na matiyak ang konsistensi at katumpakan, ngunit ginagamit din ang kanilang diskresyon kapag nakikipag-usap sa mga indibidwal na LEP na nagsasalita ng Espanyol. Ang mga dokumento kasama ang mga factsheet at pampublikong abiso ay makikita sa website ng IEPA sa Ingles, at kung may malaking populasyon ng LEP na nagsasalita ng Espanyol, o may pangangailangan, maaakses din ang mga dokumento sa Espanyol.

Interpretasyon

Ang mga programa at tanggapan ng ahensiya ay magbibigay ng sabay-sabay na oral na interpretasyon, ng mga kalipikadong interpreter ng mga live na paglilitis (hal., mga pagpupulong sa pakikipag-ugnayan sa komunidad at mga pampublikong pagpupulong o pagdinig), mga kaganapan, iba pang mga programa, aktibidad, o serbisyo, nang personal man, birtuwal o hybrid na setting, sa lahat ng naaangkop at iba pang hiniling na wika para makalahok nang lubusan ang mga indibidwal na LEP sa mga kaganapan, paglilitis, programa, at aktibidad, na pinangungunahan o ibinibigay ng programa o opisina ng IEPA).

Kasama sa mga serbisyo ng interpretasyon ang telephonic at face-to-face na interpretasyon gayundin ang Wikang Pasenyas ng mga Amerikano. Ang isang kontrata ng estado para sa pagkuha ng mga serbisyo ng interpretasyon ay umiiral para sa lahat ng ahensiya ng estado, kabilang ang IEPA.

Depende sa uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na kailangan, maaaring gumamit ng isang kalipikadong multilingguwal na kawani. Kapag hindi angkop ang mga serbisyo ng isang multilingguwal na kawani, ang programa o opisina ng rehiyon ay hihingi ng tulong sa interpretasyon sa pamamagitan ng kontrata ng LEP.

Alinsunod sa kontrata ng estado, *ang Propio Language Services* ay nagbibigay ng three-way na interpretasyon sa telepono at ang Multilingual Connections ay nagbibigay ng mga serbisyo ng interpretasyon sa mga pampublikong pagpupulong/pagdinig, legal na pagpupulong/pagdinig, at iba pang legal na paglilitis, kumperensiya, workshop, sesyon ng pagsasanay, at iba pang direktang harapang interaksyon. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo ng interpretasyon mula sa

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

Multilingual Connections ay maaaring gawin sa pamamagitan ng IEPA Tanggapan ng Ugnayang Pangkomunidad o OEJ.

Telephonic na Interpretasyon

Ang Mga Serbisyo sa Interpretasyon sa Telepono (TIS) ay magagamit para sa lahat ng interaksyong personal at sa pamamagitan sa telepono sa publiko. Kung may tumawag na miyembro ng publiko sa IEPA at hindi siya nagsasalita ng Ingles o Espanyol, makikipag-ugnayan ang IEPA sa *Propio Language Services* para sa mga serbisyo ng interpretasyon.

Interpretasyon ng Wikang Pasenyas ng mga Amerikano

Ang mga serbisyo ng interpretasyon ng Wikang Pasenyas ng mga Amerikano (ASL) ay ibinibigay ng Multilingual Connections LLC. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo ng interpretasyon ng ASL mula sa Multilingual Connections ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa IEPA OCR o OEJ.

Mga Mekanismo ng Feedback ng ASL Interpreter

Ang mga tanong, alalahanin, o feedback tungkol sa sesyon ng interpretasyon sa telepono, kabilang ang kalidad ng telephonic na interpretasyon, ay dapat direktang iharap sa Tagapag-ugnay ng Akses sa Wika ng IEPA na si Chris Pressnall (chris.pressnall@illinois.gov).

Ang mga reklamo ay maaari ding ihain sa:

Komisyon ng mga Bingi at Hirap sa Pagdinig sa Illinois (IDHHC)
Attn: Departamento ng Reklamo sa Interpreter
528 South 5th Street, Suite 209
Springfield, IL 62701
Voice: 877-455-3323 o 217-557-4495*
Video Phone: 217-303-8010
TTY: 888-261-2698
Fax: 217-557-4492
<https://idhhc.illinois.gov/community/interpretercomplaint.html>

*Para sa mga indibidwal na tumatawag sa numero ng “boses”, ang mga tawag sa IDHHC ay idinidirekta sa pamamagitan ng sistema ng video relay ng Komisyong Pederal sa Komunikasyon upang matugunan ang pangangailangan ng mga Bingi.

Teletype Device (TTY)/Aparato sa Telekomunikasyon para sa mga Bingi (TDD)

Ang TTY at TDD ay dagdag na mga tulong at serbisyo para sa mga indibidwal na may kapansanan sa pandinig. Sa pamamagitan ng relay na sistema, magagamit ng mga indibidwal na bingi ang mga TTY para matawagan ang ibang tao na maaaring walang TTY. Ang Illinois ay may Illinois Relay

DRAFT PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO

Center (IRC), na tinatawag ding "Dual Party Relay." Ang IRC ay 24/7 na serbisyong nagbibigay ng koneksiyon sa komunikasyon sa pagitan ng mga gumagamit ng TTY at ng mga gumagamit ng istandard na voice telephone. Makokontak ng mga gumagamit ng TTY ang IEPA sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong 888-273-5488.

Pagsasalin

Ang pagsasalin ay ang nakasulat o text-based na paglilipat ng isang wika sa pangalawang wika. Ang ilang partikular na dokumento ng IEPA ay isinasalin sa mga banyagang wika ng mga vendor kung saan nakipagkontrata ang Estado. Ang pagsasalin sa IEPA ay koordinado ng OCR at OEJ.

In-House na Rebyu ng Pagsasalin at Mekanismo ng Feedback

Sinusunod ng IEPA ang mga alituntuning ito kung kinakailangan upang matiyak ang kalidad.

1 Paghahanda ng mga materyales

- Suriin ang tekstong Ingles para sa kagaanan ng pagbasa, kalinawan, at kaangkupan sa kultura.
- Tiyaking natutugunan ng mga materyales ang sumusunod:
 - ang wika ay simple at malinaw,
 - ang mga mensahe at mga larawan ay angkop sa kultura,
 - kakayahang maisalin ng dokumentong Ingles, at
 - angkop ang format ng dokumento para sa aksesibilidad.
 - Kung ang mga materyales ay ipapamahagi na hard copy (Word, PDF, atbp.) ang mga ito ay dapat na i-format para maging available kapag hiniling sa mga format na naaakses ng mga indibidwal na gumagamit ng pantulong na teknolohiya bilang pagtupad sa Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan and Seksiyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon.
 - Malinaw na napi-print ang dokumento sa black and white kung ipo-post ito sa internet para ma-download ng publiko.
 - Kung nakalista ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, ang programa ay dapat na may kapasidad na makipag-ugnayan sa mga taong LEP. Sa karamihan ng mga kaso, natutugunan ito ng pagkakaroon ng Mga Serbisyo sa Interpretasyon sa Telepono ng mga kawani ng programa.

2 Pagsasalin

- Talakayin ang mga sumusunod sa mga tagasalin:
 - layunin ng materyal
 - angkop na antas ng pagbasa ng target na populasyon
 - mahahalagang mensahe sa kalusugan, at
 - terminolohiya na espesipiko sa mensahe
- Hikayatin ang tagasalin na magtanong, dahil ang kalidad ng pagsasalin ay nakasalalay sa pagkaunawa ng tagasalin sa dokumentong Ingles.
- Gumamit ng konseptuwal na pagsasalin, sa halip na salita-sa-salita at pangungusap-sa-pangungusap na pagsasalin. Ang pamamaraang ito ay nagpapahintulot sa tagasalin na pumili mula sa iba't ibang paraan upang maipahayag ang mensahe sa target na madla. Sa paggamit ng di-literal na pamamaraan, naihahatid ang nilalayong mensahe sa paraang mas nakatutugon sa kultura kompara sa paggamit ng literal o salita-sa-salitang pagsasalin.
- Kung kinokontra ang Multilingual Connections para sa mga serbisyo ng pagsasalin, tiyaking maeedit ito ng pangalawang tagasalin at ang gastos dito ay kasama sa pagtatantiya ng presyo.

3 Rebisyon/Pag-edit

- Isinasagawa ang paunang pagsasalin. Kasama sa proseso ang paggamit ng dalawang tagasalin – isa para sa paunang pagsasalin at ang pangalawa para suriin at iedit ang antas ng literasi ng salin, na tumitingin sa katumpakan, tono, estilo, gramatika, pag-unawa sa mga mensahe, at kaangkupan.
- Hindi inirerekomenda ang "Balik-Ingles" na pagsasalin bilang epektibong paraan para matiyak ang bisa.

Mga Dokumentong Pederal na Patnubay ng LEP

- [Patnubay ng Titulo VI para sa mga Recipient](#)
- [Paunawa ng Ahensiya ng Pangangalaga ng Kapaligiran \(US EPA\) – Patnubay sa mga Tumatanggap ng Tulong Pinansiyal ng US EPA Tungkol sa Prohibisyon sa Titulo VI Laban sa Diskriminasyon sa Bansang Pinagmulan na Nakaaapekto sa mga Taong Limitado ang Kasanayan sa Ingles](#)
- [Paunawa ng Departamento ng Katarungan ng US \(US DOJ\) – Patnubay sa mga Tumatanggap ng Pederal na Tulong Pinansiyal Tungkol sa Prohibisyon sa Titulo VI Laban sa Diskriminasyon sa Bansang Pinagmulan na Nakaaapekto sa mga Taong Limitado ang Kasanayan sa Ingles](#)
- [Paunawa ng Departamento ng Enerhiya ng US \(US DOE\) – Kawalang-diskriminasyon sa mga Programang may Pederal na Suporta sa Pagpapatupad ng Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964-Prohibisyon Laban sa Diskriminasyon sa Bansang Pinagmulan na Nakaaapekto sa mga Taong Limitado ang Kasanayan sa Ingles \(LEP\); Patnubay sa Patakaran](#)